

Direitos e proteções para trabalhadores domésticos em Nova York

Impormasyon para sa mga Manggagawang Kasambahay

Ang mga manggagawang kasambahay at ang kanilang mga amo ay may mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng Batas Trabaho, kasama ang bagong Batas ng mga Karapatan ng mga Manggagawang Kasambahay na naging epektibo noong ika-29 ng Nobyembre, 2010. Para sa mga detalye, pumunta sa www.labor.ny.gov.

Sino ang isang Manggagawang Kasambahay?

- Pag-alaga ng mga anak o ng maysakit o may edad na tao
- Mga gawaing bahay
- Iba pang trabahong pambahay na ginagawa sa loob ng tahanan ng kanyang amo

Ang batas na ito ay hindi sumasakop sa mga manggagawang pambahay na:

- Na nagtrabaho ng kaswal katulad ng “part-time baby-sitters” o bahaging oras na mga tagapag-alaga ng sanggol sa loob ng bahay ng kanilang mga amo
- Mga kamag-anak ng kanilang mga amo o ng mga tao kung kanino nila inalok ang pag-aalaga

Dapat malaman ng mga Manggagawang Kasambahay na

Sa ilalim ng batas para sa mga manggagawa ng Nueva York, kasama na ang Batas ng mga Karapatan ng mga Manggagawang Kasambahay, ikaw:

- Ay nararapat bayaran ng hindi kukulang sa akmang halaga ng minimum na pasahod alinsunod sa batas
- Dapat tumanggap ng bayad sa obertaym (overtime) na 1 1/2 ng halaga ng iyong basic rate paglagpas ng 40 oras ng trabaho sa loob ng isang linggo (Kung ikaw ay nakatira sa loob ng bahay ng iyong amo, dapat bayaran ka ng overtime paglagpas ng

44 oras ng trabaho sa loob ng isang linggo.)

- Dapat ay bigyan ng isang araw (24 oras) na pahinga bawat linggo – o, kung ikaw ay pumayag na magtrabaho sa araw na iyon, dapat kang bayaran ng akmang halaga ng overtime
- Ay nararapat na bigyan ng hindi kukulang sa tatlong bayad na araw ng pahinga (at least 3 paid days off) matapos ng isang taon na panunungkulan sa mismong amo
- Kung ikaw ay nagtrabaho ng hindi kumulang sa 40 oras sa loob ng isang linggo, ikaw ay sakop ng Workers’ Compensation Insurance kung ikaw ay nasaktan sa iyong trabaho at ng Disability Benefits Insurance kung ikaw ay nasaktan o nagkaroon ng karamdaman sa labas ng trabaho na nagresulta sa lagpas sa pitong araw na hindi pagpasok sa trabaho

Kung ikaw ay empleyado ng isang ahensya para magbigay ng “companionship services”, katulad ng pag-aalaga ng matatanda, ang mga alintuntunin tungkol as overtime at nararapat na araw ng pahinga ay hindi naaangkop sa iyo.

Kung ikaw ay nagreklamo sa iyong amo o sa Kagawaran ng Trabaho (Labor Department) tungkol sa paglabag nitong mga batas pantrabaho, hindi ka maaaring gantihan ng iyong amo. Para magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Trabaho, tumawag sa 1-888-469-7365 o pumunta sa www.labor.ny.gov/workerprotection/laborstandards/labor_standards.shtm para sa listahan ng mga opisang distrito ng Kagawaran ng Trabaho.

Ang Batas ng mga Karapatan ng mga Manggagawang Kasambahay ay kasalukuyang nangangalaga sa iyo laban sa ilang uri ng harassment or panliligalig batay sa iyong kasarian, lahi, relihiyon o bansang pinagmulan. Hindi ka maaaring gantihan o bawian ng iyong amo kung ikaw ay nagreklamo tungkol sa harassment o panliligalig. Kung nakaranas ka ng ganitong uri ng panliligalig or paghihiganti, maaari kang magsampa



Labor Standards

ng reklamo sa Dibisyon ng Karapatang Pantao ng Nueva York (NYS Division of Human Rights). Alamin kung paano magsampa ng reklamo sa www.dhr.ny.gov.

Para matutunan ang mababang gastos ng insurance para sa kalusugan mo at ng iyong pamilya, bumisita sa Kagawaran ng Kalusugan ng Nueva York (New York State Department of Health) website sa www.nyhealth.gov. Hanapin ang buton ng "Health Insurance Programs" sa lugar ng "Site Contents" sa kanan ng homepage.